# 1

"Lorraine, ang ganda-ganda mo naman!" puri ni Luisa sa kanyang pinsan. Kasalukuyang bumababa ang babae galing sa kuwarto kung saan inayusan ito ng mga stylists ng *Glow Cosmetics*.

Si Lorraine Ledesma ang napiling pinakabagong image model ng pinakasikat na makeup brand sa bansa, ang *Glow Cosmetics*. Ngayong gabi ang launching ng bagong line ng makeup pati na rin ang pagpapakilala kay Lorraine bilang modelo nito. Nakasuot din ang babae ng isang one of a kind gown na gawa pa ng isang sikat na fashion designer sa Italya. Mayroon ding pinahiram na mga mamahaling alahas ang isang jewelry store para gamitin ni Lorraine sa launch.

Tunay ngang napakaganda nito ngayong gabi. With her hair in chignon style with some loose strands framing her face and the jewels sparkling on her neck and ears, she truly looked like a goddess. Hinihintay nila ang sundo nito patungo sa launch sa isang five-star hotel. Nauna nang umalis ang stylists na nag-ayos dito para pumunta roon.

Nanghihinayang si Luisa na hindi siya

makakasama sa launch party dahil may tinatapos siyang trabaho. Isa siyang caterer at mayroon silang booking bukas ng umaga kaya kailangan nilang paghandaan ang party.

Gusto sana niyang ma-witness ang event na ito na tiyak na magpapabago sa buhay ng kanyang pinsan. She really felt proud of Lorraine. Siya na ang nag-alaga rito simula nang umalis ang kanilang mga ina para manirahan sa Amerika apat na taon na ang nakakaraan.

Nagpasya kasi ang magpinsan na huwag nang sumama sa mga ito. Mas pinili nilang manatili sa Maynila para magpursigi sa kani-kanilang mga pangarap—si Lorraine para maging modelo at si Luisa para maging isang caterer. Si Luisa na ang tumayong guardian ni Lorraine at tinuring niya itong higit pa sa kapatid. Labis ang kanyang kagalakan na unti-unting natutupad ang mga pangarap nito.

Nag-pose ang pinsan sa harap niya. Halata sa mukha nito ang excitement at walang mababanaag na kaba mula rito. Hanga talaga siya rito dahil napakataas ng self-confidence nito. Kung sabagay, sa tindig at hitsura pa lamang ni Lorraine ay taob na ang pangkaraniwang babae. Talaga kasing napakaganda nito.

"Ate Lui, tingnan mo ang gown ko, pinagawa pa daw ito kay Armani at ang sapatos ko ay *Manolo Blahnik* pa. At ang alahas, totoo ang mga bato. Ang suwerte ko talaga at ako ang napiling modelo ng *Glow Cosmetics*," excited na kuwento nito.

"Hindi suwerte 'yan, Lorraine; 'yan talaga ang tadhana mo," aniya na pilit itinatago ang luhang kanina pa gustong bumagsak mula sa kanyang mga mata. Masayang-masaya siya para sa pinsan. Marami rin kasing hirap at sakripisyo ang pinagdaanan nito bago dumating ang big break na ito. At ngayong gabi ay tiyak na mag-iiba na ang takbo ng buhay nito.

Kambal ang mga ina ng magpinsan at parehong maganda ang mga ito. Pero kumpara kay Lorraine at sa kanilang mga ina na mga mestiza, si Luisa ay black beauty. Nagmana kasi siya sa kanyang amang hindi mestizo. Maganda rin siya pero hindi tulad ni Lorraine na isa talagang striking beauty.

Sa nagdaang mga taon ay pilit niyang tinago ang kanyang ganda dahil sadyang selosa si Lorraine. Ang gusto kasi nito ay nakatuon lamang dito ang pansin ng mga tao. At dahil ayaw niyang sapawan ang nakababatang pinsan ay naging background na lamang siya.

Marami ang nagsasabi na maganda siya.

Pilipinang-Pilipina ang kulay ni Luisa. Hindi siya kasing-tangkad ng pinsan pero pansinin din siya ng mga lalaki. She was naturally shy and didn’t want to be the center of attention so she opted not to take advantage of her looks. Simple lang siyang mag-ayos at hindi siya kasing-kikay ni Lorraine.

May mga pagkakataon na may lumalapit sa kanyang mga lalaki para manligaw, pero kapag nakita iyon ng pinsan ay pilit nitong ilalayo ang atensyon ng mga ito sa kanya. May pagkakataon na nagalit siya rito, pero kapag nag-tantrum na ito ay pinakikiusapan siya ng kanyang ina at tita na pagbigyan si Lorraine. Ganoon ito ka-spoiled at wala itong ginusto na hindi nito nakuha. Palaban din ito sa buhay. Tinitiis at inuunawa na lang niya ang ugali nito.

Dumaan ang maraming taon at unti-unti ay nag-mellow na rin ang babae. Hindi na ito masyadong demanding ngayon. Marahil ay naisip din nito na hindi sila magkakompetensya. Paminsan-minsan ay inaatake ito ng pagiging bratinella at pasaway. Pinagpapasensyahan niya na lang ito kapag nagmamaldita.

Yumakap ang modelo kay Luisa. “Nakakainis naman at hindi ka makakasama sa akin ngayong

gabi. Hindi mo tuloy makikita kung paano ko bibihagin ang mga bisita sa pamamagitan ng aking kagandahan," pilyang saad nito.

Pabirong hinampas niya ang braso nito. "Alam ko namang kaya mong pangalagaan ang sarili mo at isa pa, nandoon si Mildred para alalayaan ka," sagot niya. Si Mildred ang matalik na kaibigan ni Lorraine at tumatayong personal assistant nito. Nauna na ito sa hotel para asikasuhin ang iba pang pangangailangan ng modelo.

"Iba pa rin siyempre kung nandoon ka," naglalambing na turan nito. Ipinatong pa nito ang ulo sa kanyang balikat, kasabay ang mahigpit na pagyakap sa kanya.

"Ano ka ba, Lorraine? Mamaya niyan magkaiyakan pa tayo dito at masira pa ang makeup mo. Tiyak magagalit ang stylist mo dahil mukhang hirap na hirap silang pagandahin ka nang husto," biro niya.

Lorraine released her cousin from her embrace. Humarap ito sa kanya na kunwari ay nakasimangot. "Ang Ate talaga, naglalambing lang ako, eh, nagrereklamo ka pa. Balang araw kapag sumikat na ako, hahanap-hanapin mo rin ang lambing ko sa iyo pero hindi na kita papansinin," nag-iinarteng sagot

nito.

Napapalatak si Luisa. Minsan ay asal-bata pa rin ang kanyang pinsan kahit beinte-dos años na ito. Apat taon lang ang tanda niya rito pero parang ina ang tingin nito sa kanya. Marahil ay nami-miss nito ang inang nasa Amerika at kay Luisa na lamang nito binubuhos ang lahat ng pagmamahal nito na para sana sa ina nito.

Sobrang pagmamahal at suporta ang binibigay ni Luisa para rito. Hindi siya masyadong nag-aalala rito dahil alam niyang kaya nitong pangalagaan ang sarili. Ganoonpaman ay lagi pa rin siyang nakabantay sa bawat kilos nito dahil kahit alam niyang matapang ito ay kailangan pa rin nito ng gabay niya.

Pareho silang lumaki nang wala ang kanilang mga ama. Parang bulang naglaho ang mga ito noong mga bata pa sila at ang kanilang mga ina lamang ang tanging nagtaguyod sa kanila. Kaya naman lumaki silang matatapang at hindi umaasa sa ibang tao. Because they knew they could only rely on themselves to make their dreams come true.

Naistorbo sila sa kanilang pag-e-emote nang biglang umeksena si Becky, ang kaibigan at business partner ni Luisa sa kanyang catering business.

"Oy, kayong magpinsan, tigilan n'yo na ang drama at baka magbaha ng luha dito. Saka, Lorraine, baka masira ang makeup mo at hindi ka na papasukin sa function room. Baka kapag nakita nilang nagkalat ang mascara mo ay masira pa ang kredibilidad ng *Glow Cosmetics* lalo na at sinabi pa nilang waterproof 'yan, sige ka," anito.

Nagkatawanan sila. Si Becky kasi ang tumatayong clown ng buhay nila. Labis na masayahin ito at ayaw na ayaw nitong nakakakita ng nag-iiyakan.

"Ikaw talaga, Becky, sinira mo ang moment namin. Hindi pa nga ako umaabot sa highlight ng sasabihin ko, eh, na-cut tuloy ang eksena," ganting hirit ni Luisa.

Nagtawanan ang tatlong babae. Dahil hindi pa dumarating ang escort ni Lorraine ay patuloy silang naghuntahan.

"Sino ba ang escort mo? Guwapo at mayaman ba?" tanong ni Becky.

"Si Karl Benavidez, ang CEO ng *Glow Cosmetics*, ang mismong escort ko. At alam n'yo, sobrang guwapo talaga siya!" Tumili si Lorraine. "Nag-research ako sa kanya; alam n'yo bang isa siya sa hottest bachelors ngayon? Kaya dapat mag-project

akong mabuti sa harap niya para mabihag ko din ang puso niya," kinikilig na sagot nito.

Naghagikgikan sila na parang mga dalagitang dadalawin ng kanilang first crush.

"Wow! Ang suwerte mo naman at mismong may-ari pa ng kompanya ang susundo sa iyo," napapalatak na tugon ni Becky. "Pero teka, di ba puwede naman sa hotel ka ayusan? Bakit napili mong dito pa sa bahay naggayak?"

"Gusto kasi nila na grand entrance ako at ayaw nilang may makakita sa akin kaya nag-suggest akong dito na lang sa bahay mag-prepare para makita ako ni Ate Lui," sagot ng modelo.

"Wow! Bonggacious pala ang marketing campaign n'yo dahil talagang sinekreto pa sa madla ang kanilang image model," anito.

"Excited na nga ako, Ate Becky. Sa wakas ay makikilala na ng madla ang mukha ko," malapad ang ngiti na turan nito.

"Big time ka na nga."

Nagtawanan silang muli. Walang anu-ano ay tumunog ang doorbell. Mukhang dumating na ang escort ni Lorraine.

"Ako na ang magbubukas ng pinto para masilayan ko na ang kaguwapuhan ng escort mo," ani Becky. Patakbo na itong lumabas patungo sa gate para papasukin ang sundo ng modelo.

NAGHIHINTAY SA SALA ang magpinsan nang marinig nila ang boses ni Becky na papasok sa bahay. Kaagad na umayos ng tayo si Lorraine. Si Luisa naman ay simple lang nakatayo sa tabi habang hinihintay na makilala ang CEO ng *Glow Cosmetics*. Hindi na niya nagawang magbihis dahil hindi naman niya akalain na ang boss pa mismo ng kompanya ang susundo sa pinsan.

Bumungad sa kanila si Becky na may kasamang isang lalaking nakasuot ng tuxedo. At hindi inaasahan ni Luisa ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso nang makita niya si Karl Benavides. Bigla siyang na-conscious sa hitsura niya. Simpleng t-shirt at maong lang ang suot niya na may nakapatong na apron. Gumagawa kasi sila ng dessert nang bumaba si Lorraine at hindi na niya natanggal iyon.

Buti na lamang at maayos ang pagkakatali ng kanyang buhok at naka-lipstick siya. Sa hindi malamang kadahilanan ay naasiwa siya sa kanyang hitsura.

Buti na lamang at hindi sa kanya nakatuon ang tingin ng lalaki, kung hindi ay baka nahimatay na siya sa kahihiyan. Sa kanyang pinsan nakapako ang atensyon nito.

Lumapit si Lorraine sa kinatatayuan ni Karl. Nakangiti ang binata habang pinagmamasdan ang dalaga.

“You’re beautiful, Lorraine. Talaga ngang hindi kami nagkamali nang kinuha ka naming image model. You really fit our brand. I must say you’re really glowing tonight,” bungad na bati nito.

“Good evening, Sir. Pasensya na at naabala pa kayo sa pagsundo sa akin,” bati ng modelo.

“Hindi abala ito para sa akin, Lorraine. It’s just my duty as company CEO to make sure that everything will go well tonight,” he answered coolly.

Sandali pang nag-usap ang dalawa at pakiwari nina Luisa at Becky na para silang mga extra sa tagpong iyon. Pero dala na rin ng pagiging maldita ng huli ay hindi nito naiwasan na sumingit sa eksena. Tumikhim ito.

Doon lamang nagbitiw ng tingin ang dalawa. Tumingin ang mga ito sa magkaibigan.

"I'm sorry I haven't introduced myself. How rude of me. Ako nga pala si Karl Benavidez," simpleng pakilala nito sa sarili. Lumapit ito sa kinatatayuan ng dalawang babae.

"Sorry din, Sir, at hindi ko sila na-introduce sa inyo," singit ni Lorraine. "This is my cousin and guardian, Luisa Espineda and this is Becky Suarez, her business partner. They are co-owners of *Lui's Catering*," pakilala nito sa kanila.

Karl face lit up when he saw Luisa. He even flashed her a smile that left her weak in the knees. Inilahad nito ang kamay sa kanya. Nag-aalangaan namang tinanggap niya iyon. Namawis kasi ang kanyang palad simula nang makita niya ang binata. She tried to hide her uneasiness by giving him a bright smile.

"Ikinagagalak ko po kayong makilala, Mr. Benavidez," nahihiyang bati niya. She even felt her cheeks blush when he held her hand for a brief handshake.

"The pleasure is all mine, Miss Espineda... or am I presumptuous to assume that you're still single?" he inquired politely, a very sexy smile on his lips.

Namula ang kanyang mukha dahil sa tanong

nito. Hindi rin siya makahinga. All she could feel was that the temperature in the room started rising the minute Karl stepped inside their home.

Dahil hindi pa rin siya sumagot ay siniko na siya ni Becky. Doon lamang siya nagbalik sa realidad.

"Uhm… ano nga ulit 'yung tanong n'yo?"

Karl smiled at her sweetly. "I was just asking if I was being presumptuous in calling you 'Miss.' Baka 'ika ko married ka na," nagbibirong pahayag nito.

"Ah, miss pa po ako, Mr. Benavidez," aniya, nahihiya.

He answered her with a slight grin that left her gasping for air. Ngayon lang siya may nakadaupang-palad na isang simpatikong lalaki na talagang nagpakaba sa kanya nang husto. She never had a single boyfriend in her twenty-six years of existence on earth. No man had seriously caught her eye. Until now. And at first glance, she knew that he was way out of her league.

Marahil nahalata ni Becky ang tensyon sa pagitan nila kaya sumingit na ito sa usapan.

"Nice to meet you, Mr. Benavidez. Ako po si Becky, ang business partner ni Luisa at miss pa rin

po ako," pabirong pakilala nito sa sarili.

Saglit na tumingin si Karl dito. He answered her with a grin and a handshake. "Nice to meet you too, Miss Becky."

"The pleasure is all mine," she answered sweetly.

Lihim na natawa si Luisa sa mga kinikilos ng kaibigan. Alam niyang pilit lang nitong pinatatakpan ang kanyang reaksyon sa binata. She had a hunch that her friend knew what she was feeling right now and Becky was trying to lighten the mood to distract him.

"Teka, hindi ba kayo pupunta sa launch? Do you need more time to get ready?" nag-aalalang tanong ni Karl nang mapansing hindi pormal na nakabihis ang dalawang babae.

Napakagat-labi siya. "Hindi po kami makakapunta ni Becky d'on ngayong gabi, Mr. Benavidez. May booking kasi kami bukas ng umaga at minamadali namin ang mga lulutuin. Nagkulang din kasi kami sa staff ngayon kaya kailangang kami mismo ang gagawa," paliwanag niya.

He frowned. "I'm really disappointed that you won't be able to make it to the launch tonight," anito na nakatitig sa kanya.

“Ako rin ay nanghihinayang na hindi ko masasaksihan ang importanteng gabi na ito para kay Lorraine, pero alam kong nauunawaan niya ang sitwasyon ko. Kung meron lang akong magagawa ay hindi ko talaga papalagpasin ang pagkakataong ito,” malungkot na pahayag niya.

Tumango ito. “I understand. Rest assured that we’ll take care of her tonight and that I would personally take her home later,” pangako nito.

Isang matipid ang sagot ni Luisa. Sandali pa silang nagkatitigan. Pakiramdam niya ay parang lalamunin siya ng lupa dahil sa malalagkit na tingin ng lalaki sa kanya.

Naputol lang iyon nang magsalita na si Lorraine. “Sir, I think we need to go na.”

Napatingin dito si Karl. “Yeah, I guess you’re right.”

“Ate Lui, Ate Becky mauna na kami ha,” paalam nito.

Lumapit siya sa pinsan at marahang hinagkan ito sa pisngi saka bumulong sa tainga nito. “Good luck, Lorraine. Alam kong ngayong gabi na magsisimulang matupad lahat ng mga pangarap mo.”

"Salamat, Ate," bulong din nito.

"Oh, tama na ang drama n'yong dalawa," singit ni Becky. "Baka magkaiyakan na kayo diyan, nakakahiya kay Mr. Benavidez."

Kumawala na ang magpinsan sa isa't isa at hinarap muli ni Luisa ang binata. "Kayo na po ang bahala sa kanya, Mr. Benavidez," aniya.

He nodded. "Lorraine, let's go." Sandaling nagtama muli ang mga tingin nina Luisa at Karl pero mabilis na siyang umiwas. Ramdam talaga niya ang epekto ng presence nito at hindi niya nagugustuhan ang kanyang reaksyon sa binata.

Hinatid ng magkaibigan sa sasakyan ang dalawa. At habang papalayo ang kotse ay hindi mapigilan ni Luisa ang mapaluha.

"Hay naku, Lui! Tama na ang drama mo at baka hindi tayo matapos sa gagawin natin kapag ipinagpatuloy mo pa ang pag-iyak mo," biro ni Becky.

Pabirong hinampas niya ang braso ng kaibigan. "Sira ka talaga, Becky! Hindi naman ako nagda-drama; natutuwa lang ako sa magandang nangyayari kay Lorraine ngayon."

Nagkibit-balikat ito. "Okay. sinabi mo, eh." Nagsimula na silang bumalik sa loob ng bahay. "Napakaguwapo at simpatiko ni Karl Benavidez, hindi ba?"

"Ah, ewan. Siguro kung type mo ang mga katulad niya," ninenerbyos na sagot niya.

Napapalatak ito. "Oh, my God! Ngayon lang kita nakita na na-rattle nang dahil sa isang lalaki! Umamin ka na, type mo siya, 'no!" biro nito na napahinto sa paglalakad.

Napahinto rin si Luisa. "Hindi kaya! Tama ka na nga. Bumalik na tayo sa kusina at tapusin ang ating trabaho."

"Sige, i-deny mo muna kung ayaw mong umamin, pero tingin ko'y kursunada ka din niya."

Si Luisa naman ang natawa. "Hello! Sa tingin mo ba ang katulad niya ay mapapansin ang isang kagaya ko lalo na at kaharap niya si Lorraine?"

Napabuntong-hininga ito. "Ayan ka naman sa pagda-down sa sarili mo." Namaywang pa ito. "Para sabihin ko sa iyo, hindi lahat ng lalaki ay magkakagusto kay Lorraine at hindi mo dapat minemenos ang sarili mo dahil…"

“May sarili akong charm? ‘Yan ba ang sasabihin mo? Alam ko na ‘yan, friend, at alam kong darating din ang araw na matatagpuan ko ang aking Mr. Right. Pero itaga mo bato, hindi si Karl Benavidez iyon,” mariing hayag niya.

Seryoso ang mukha ni Becky nang humarap sa kanya. “Huwag kang pakasisiguro dahil lahat ay posibleng mangyari. Never say never. Baka isang araw ay magulat ka na lang na nobyo mo na siya.”

Nagkunwari na lang si Luisa na hindi niya narinig ang kaibigan.

# 2

Habang nagbibiyahe patungo sa hotel ay tahimik lang si Karl. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit ganoon ang kanyang naramdaman nang makita at makilala niya si Luisa Espineda.

She was not as beautiful as Lorraine, but there was something about her that caught his eye. She had a charm that was uniquely her own. And he must admit he felt a certain awareness in her presence. A certain spark. He felt like he came alive the moment he laid eyes on her. Nagulat talaga siya sa sarili dahil sa reaksyon niya nang makita ito.

He secretly chuckled when her red face came to his mind after Lorraine introduced them and he briefly shook her hand. He knew that she felt the same way as he did, gauging on her reaction.

He was a ladies' man and the women who had been linked to him were all gorgeous. But none of them moved him the way Luisa did even if they talked for only a few minutes. Kahit ngayon na katabi niya sa kotse ang napakagandang modelo na si Lorraine, hindi pa rin maalis sa kanyang isip ang maamong mukha ng pinsan nito.

He tried to shake off the feeling. He had a job to do tonight and he didn't want to be distracted by a woman he just met.

"Sir, are you okay? You looked flushed. May-sakit po ba kayo?" nag-aalalang pukaw ni Lorraine.

Naistorbo si Karl sa pagmumuni-muni niya pagkarinig sa tinig ng katabi. Umayos siya ng upo at nakangiting tumingin siya rito.

"Sorry. There's just a lot of things on my mind. But I'm fine, don't worry."

She smiled. "Akala ko po kasi ay may iniinda kayo kaya tahimik lang kayo."

"It's nothing. Ikaw, are you okay? Hindi ka ba ninenerbyos, this being your big night and all?"

Umiling ito. "Mas excited po ako kesa kinakabahan," she answered giddily.

"That's nice to know. Ilang minuto na lang ay nasa hotel na tayo, all eyes will be focused on you. Just relax and enjoy everything, okay?" payo niya.

Tumango si Lorraine. Napangiti ang binata dahil alam niyang hindi na nito kailangan ang kanyang mga payo. Nabanaag na niya sa mukha nito ang pagkahandang sumabak sa bagong mundong

tatahakin nito.

THE LAUNCH was a resounding success. After the show, there was an impromtu victory party for the staff. Siyempre um-attend si Lorraine at kasama pa rin si Karl.

"Sir, we did it!" masayang sabi ni Jenna Silverio, ang brand manager ng *Glow Cosmetics*.

Karl tapped her on the shoulder. "We did well tonight. Dapat i-monitor n'yo nang husto ang magiging response ng consumers natin. Dapat maging aggressive tayo sa pagpo-promote ng ating produkto. We have to be visible in the coming weeks and months and we have to make sure that Lorraine has media mileage for our campaign to succeed."

"We'll do that, Sir, and we'll keep you posted on any new developments," anito.

Tumango siya at nagpaalam na si Jenna sa kanya. Nakihalubilo muna siya sa kanyang staff bago pinuntahan ang kinaroroonan ni Lorraine.

"Are you ready to go?" tanong niya sa dalaga.

Napansin niyang tipsy na ito. Kailangan na niyang maiuwi ang modelo at baka nag-aalala na si

Luisa rito. Nang maalala ang dalaga ay hindi niya maiwasan ang mapangiti. Si Luisa ang isang dahilan kung bakit nais niyang umalis nang maaga sa party. Baka nga naman makita niya ulit ito kahit sandali lang.

"Sir, can't we stay for awhile? I'm really enjoying myself pa, eh," sagot nito.

"Lorraine, alam kong mataas pa ang energy mo, pero dapat mo ding isipin ang image mo. We don't want you to have a reputation of being a party girl. You have your image and our company to protect and I will not tolerate that you be seen drunk in public!" Karl reprimanded her.

Natameme ito. Napatingin ang ibang staff ng binata sa kanila. "Sorry po, Sir, if I was out of line. Pero hindi po ako lasing. Sige po, ihatid n'yo na ako," nakatungong sagot nito.

Huminga siya nang malalim. "Sorry din sa outburst ko. I really didn't mean to reprimand you here. Just get your things ready para maihatid na kita."

Tumango ito. Ilang sandali pa ay sakay na sila ng limousine pabalik sa bahay nito. Tahimik lang sila habang nagbibiyahe.

Naunang nagsalita si Lorraine. "I'm sorry about my behavior, Sir. Ipinapangako ko po na hindi ko dudungisan ang pangalan ko at ng kompanya."

Ngumiti siya. "I know that you are a responsible girl, Lorraine, and I also know that you were just caught up in the moment tonight. Let's just forget what happened."

Ngumiti rin ito. "Thank you, Sir. From now on I will be conscious of everything I would do and say in public."

Tumango si Karl. Nasisiyahan siyang nauunawaan ni Lorraine kung ano ang hinihingi ng role nito bilang image model ng *Glow Cosmetics*.

Ilang sandali pa ang nagdaan nang marinig niyang bumuntong-hininga ang katabi. Napatingin siya rito. "Is there anything wrong?" tanong niya.

"Sir, I know this may sound forward but can I say something?"

"Sure, go ahead."

"Sir, I want to let you know that I'm really attracted to you and it would be my honor if we could get to know each other more intimately. Is there a chance that you would like me too?" she

asked seductively. She even leaned toward him and their faces were just inches away from each other.

Nagulat ang binata sa kaprangkahan ni Lorraine. Iniwas niya ang kanyang mukha rito. Sa tingin niya ay marami itong nainom at hindi na nito alam ang sinasabi. He chose to ignore it so as not to embarrass her further.

"Lorraine, I think you just had too much to drink and you're talking nonsense. Palalampasin ko na lang ang sinabi mo," he answered firmly.

"Pero, Sir, totoo ang sinasabi ko dahil unang kita ko pa lang sa iyo ay talagang gusto na kita," pilit nito. "Ayoko lang na palampasin ang pagkakataong solo tayong magkasama dito. And for the record, I'm not drunk. Malinaw pa rin ang pag-iisip ko," mariing saad nito.

"Lorraine, aren't you being a bit too aggressive?"

"I'm just letting you know that I like you. I'm a go-getter and a very determined girl and I usually get what I want!" she answered with a laugh.

Tumingin siya sa kausap. "So what you're saying is, I don't have a choice in the matter? I'm telling you now, Lorraine, I make my own decisions when it comes to the women I date. At hindi porque't sinabi

mong gusto mo ako ay papayag ako sa gusto mo. Kinuha ka naming image model at hanggang doon lang ang magiging relasyon ko sa iyo. I'll be your boss and nothing else, understand?"

Nagkibit-balikat si Lorraine. "Alam kong na-shock ka sa confession ko, pero don't reject me just yet." Tumingin ito nang derecho sa mga mata niya. "Pag-isipan mo munang mabuti bago mo ibasura ang damdamin ko para sa iyo."

Dahil sa kanilang seryosong pag-uusap ay hindi nila namalayan na nakarating na sila sa bahay ng babae.

"I'll just forget we ever had this conversation, Lorraine. And I hope you do the same," he said, his voice devoid of emotion.

Before she got out of the limousine, she threw a parting shot at him. "I guess I'll just have to prove that I'm really determined to have you at lahat ay gagawin ko para mahulog ang loob mo sa akin. Sige, I won't keep you any longer, Sir. Good night and I hope you dream of me tonight." And with that, she got out of the car.

Hindi na nakapag-react si Karl. Ang alam lang niya ay nakahinga siya nang maluwag nang

nakababa na si Lorraine sa kotse. Para kasing naubusan siya ng oxygen habang kasama niya ito. Hindi niya inaasahan ang ginawa nitong declaration of affection. But the idea of having a relationship with her was absurd.

Isang empleyado lamang ang dalaga para sa kanya, no more no less. Totoong maganda ito pero hindi siya attracted romantically rito kahit nga sexually ay wala itong dating sa kanya. Pantasya man ito ng kalalakihan pero hindi siya kasali roon.

At isa pang dahilan kung bakit hindi niya kayang patulan si Lorraine ay dahil kay Luisa. Kahit sabihin pang ngayon lang niya nakilala ito ay nakadama kaagad siya ng koneksyon dito. And he wanted to get to know her better and eventually pursue her.

Kahit napagsabihan na niya ang modelo ay kailangang maging alerto pa rin siya sa maaaring gawin nito. Mukha talagang agresibo ang pinsan ni Luisa. In their first few meetings, Lorraine was very prim and proper. Dahil doon kaya nagtaka siya kung bakit bigla na lang nag-iba ang ugali nito.

Now there were doubts in his head whether choosing her was a wise decision. Napabuntong-hininga na lang si Karl. Hindi na niya alam kung blessing ba o curse na dumating sa buhay niya

si Lorraine. Tinuturing niyang blessing ito dahil maganda ang response ng mga tao sa ad campaign nila at nakilala rin niya si Luisa dahil sa modelo. Pero mukhang may kahalong curse iyon dahil mukhang ito pa ang magiging hadlang sa balak niyang pakikipagkilala nang mabuti kay Luisa.

Hindi na nila maaaring baguhin ang kanilang marketing plan at malaking kasiraan iyon sa kanila bukod pa sa malaking pagkakalugi kapag tinanggal nila si Lorraine. He just have to find a way to keep her at bay or else he might lose a lot more that he bargained for.

# 3

"Kumusta ang launch? Successful ba?" excited na salubong ni Luisa pagkapasok ni Lorraine sa loob ng bahay. Kahit pasado alas dos na ng madaling-araw ay pilit pa rin niyang hinintay ang pinsan. Gusto na kasi niyang malaman ang mga naging kaganapan sa grand launch. Umupo sila sa sofa para sandaling magkuwentuhan.

"Siyempre naman, Ate. Talagang impressed sila sa bagong makeup libne at pati na rin sa akin," buong pagmamalaking kuwento nito.

"Naku! Mabuti naman kung ganoon," nasisiyahang komento niya. "Hinatid ka ba pauwi ni Mr. Benavidez?"

"Siyempre, Ate. Alam ko naman na hindi niya ako pababayaan. Isa pa, I have my eye on him at sa tingin ko ay madali siyang mahuhulog sa mga kamay ko. With his reaction to me tonight, it won't be long till he's my boyfriend," masayang paglalahad ng kausap.

Nabigla siya. Kahit alam niyang mas malaki ang posibilidad na magkagusto si Karl kay Lorraine ay

hindi pa rin niya maiwasan na ma-disappoint. Sa kabilang banda ay mas mabuti na ring malaman niyang habang maaga pa na hindi talaga sila para sa isa't isa ni Karl.

Kahit pa sabihing nakaramdam siya ng attraction sa binata ay alam niyang malabong pansinin siya nito bilang babaeng puwedeng makarelasyon. She tried to hide her disappointment by smiling brightly at Lorraine.

"Talaga? Pero sa tingin ko ay playboy 'yang si Mr. Benavidez. Baka mamaya niyan paglaruan ka lang niya kaya dapat mag-ingat ka rin," payo niya.

Natawa ang modelo. "Ate Lui, hanggang ngayon ba naman ay nag-aalala ka pa rin sa akin? Basta pagdating sa lalaki, huwag mo akong intindihin dahil lahat sila ay kaya kong paikutin sa aking mga palad," pilyang turan nito.

Luisa was a bit taken aback by her cousin's answer. Hindi niya kasi akalain na napakaagresibo pala nito pagdating sa mga lalaki. Ngayon lang niya nakita ang wild side ng pinsan. Sa tinagal-tagal na pagsasama nila sa isang bubong ay marami pa rin pala siyang hindi nalalaman tungkol dito.

"Are you telling me, Lorraine, na marami ka nang

experience pagdating sa pakikipag-boyfriend? Bakit wala ka man lang naikukuwento sa akin tungkol diyan?"

Napahalakhak ito. "Ate Lui, tiyak kong magwo-worry ka lang kapag nalaman mo ang mga kalokohan ko kaya I chose not to share it with you. I'm of legal age now and I have promising career ahead of me so I can finally be honest with you. Sana hindi ka magiging killjoy sa buhay ko."

Napatiim-bagang siya. Ayaw niyang magkaroon sila ng pagtatalo. Sa palagay niya ay hindi ito ang tamang panahon para mag-usap sila tungkol sa bagay na ito. Palalampasin niya ang kanyang narinig. Pero magiging bukas na ang kanyang mga mata sa mga gagawin nito simula ngayon.

"Magpahinga ka na, Lorraine. Tiyak kong bukas ay mas lalo kang magiging busy."

"Naku, Ate! Mukhang na-shock ka yata sa akin, ha! Pero sige, alang-alang sa iyo ay magpapakabait na ako." Ngumiti ito. "Kaya kapag naging boyfriend ko na si Karl Benavidez ay magbe-behave na ako. I'll make sure na ako na ang babaeng pakakasalan niya," sobrang confident na saad nito.

Isang matipid na ngiti ang gumuhit sa mga

labi niya. Tumayo na siya. "Sige, mauna na akong matutulog sa iyo at maaga pa ang booking namin mamaya."

"Good night, Ate."

Dahan-dahan na pumanhik si Luisa sa hagdanan patungo sa kanyang kuwarto. At kahit pagod na siya dahil sa maghapong pagtatrabaho para sa catering ay ayaw pa rin siyang dalawin ng antok. Hindi pa rin mawaglit sa kanyang isip si Karl. Pero dahil na rin sa mga pinahayag ni Lorraine ay pipilitin na niyang burahin ito sa kanyang isip.

Ipinikit na niya ang kanyang mga mata at dumaloy ang luha. Hindi niya maiwasang mapaluha dala ng matinding panghihinayang. Ang akala niya kasi ay natagpuan na niya ang lalaking kanyang mamahalin pero nagkamali siya.

"OH, KUMUSTA PALA 'yung launch kagabi? Ano ang kuwento ni Lorraine sa iyo?" tanong ni Becky.

Nakasakay na sila sa van pabalik sa opisina nila sa bahay ni Luisa pagkatapos ng kanilang catering job. Naging maayos naman ang kanilang trabaho at marami rin silang papuring natanggap sa simple pero masarap na mga pagkain na inihanda nila.

"Maayos naman daw naidaos ang launch, pero hindi siya masyadong nagkuwento. Pagod kasi," sagot ni Luisa.

Tumangu-tango ito. "Siguradong maraming kuwento 'yun. Teka, nagkita ba kayo uli ni Karl Benavidez nang ihatid niya si Lorraine kagabi?"

Umiling siya. "Hindi, alanganing oras na rin kasi, eh. Saka, Becky, tigilan mo na ang ilusyon mo na may gusto sa akin si Karl dahil kay Lorraine na mismo nanggaling na mukhang nagkakapalagayan na sila ng loob. Alisin mo na sa utak mo ang tungkol sa amin dahil imposibleng mangyari 'yun, okay?"

Tumingin siya sa kaibigan at nakita niyang magkasalubong ang mga kilay nito. "Really? 'Yun ang sinabi ni Lorraine?" Napaisip ito. "Hmm... I smell something fishy," anito.

Kumunot ang kanyang noo. "Ano bang 'something fishy' ang sinasabi mo d'yan? Obvious naman ang magiging choice ni Karl kaya 'wag ka nang magtaka."

Pero mapilit pa rin si Becky at ayaw paawat sa mga sasabihin nito. "Ah, basta! Iba ang kutob ko. Never pa nagkamali ang intuition ko tungkol sa mga lalaki. Matalas yata ang pang-amoy ko at kahit itaya

ko pa lahat ng savings ko ay ikaw pa ang rin manok ko para kay Karl," matapang na pahayag nito.

Hindi napigilan ni Luisa ang tumawa nang malakas. She was really amused by her friend's reaction. Buong-buo talaga ang loob nito na sa kanya may gusto ang binatang Benavidez at hindi kay Lorraine.

"Talagang kaibigan nga kita, Becky, ang lakas ng fighting spirit mo na ipaglaban ako," aniya na natatawa.

Hindi na sumagot ang kaibigan at nang tumingin siya rito ay nakita niyang seryoso ang mukha nito. Nagkibit-balikat na lang siya. Naging tahimik ang biyahe nila pauwi sa bahay niya.

Pagdating nila sa opisina, ibinalita ng sekretarya nilang si Lizette na may bagong kliyente na tumawag at nais na maka-meeting si Luisa nang araw ring iyon. Ang meeting place ay sa condo unit ng client. Interesado raw umano itong magpa-cater para sa isang intimate dinner party.

Dahil open ang kanyang schedule nang hapong iyon, nagpa-set siya ng four o'clock appointment para sa client.

Matapos makausap ang sekretarya ay pumasok

na si Luisa sa kanyang opisina para asikasuhin ang iba pang mga nakabinbin na trabaho. Aayusin niya rin ang mga menu at iba pang dokumento na dadalhin niya sa kanyang meeting kay Mr. Timothy Castelo. Sa ngayon, aalisin muna niya sa kanyang isip si Karl at itutuon niya ang pansin sa trabaho.

EKSAKTO ALAS CUATRO ng hapon ay nasa harap na siya ng unit ni Mr. Castelo. Hindi naman nahirapan si Luisa na hanapin ang lugar dahil alam niya ang pasikut-sikot sa Makati. Kaagad siyang pinaakyat ng concierge at hindi na siya hiningan ng ID.

Kabado pa rin siya tuwing humaharap sa mga bagong kliyente, pero alam niyang kapag nag-umpisa na siyang mag-sales talk ay unti-unti na siyang nagiging confident. Nasasanay na rin siya kahit paano na makihalubilo sa mayayaman. Karamihan kasi ng mga clients nila ay galing sa alta-sosyedad.

Inayos niya ang sarili at napabuntong-hininga bago pinindot ang doorbell sa unit ni Mr. Castelo. She felt her heart fall on the floor the moment she laid eyes on the man who opened the door. To say she was surprised was an understatement. Her heart was beating so fast and her hands were trembling.

Because there stood before her was none other than... Karl Benavidez!

"Welcome, Miss Espineda. I hope you didn't have a hard time coming here?" nakangiting bungad nito.

"I guess I knocked on the wrong unit. Sorry for bothering you," aniya. Tumalikod na siya pero marahan nitong hinila ang kanyang braso.

"Hindi ka nagkamali, Luisa; ako ang ka-meeting mo."

Nagulat siya. "Pero si Mr. Timothy Castelo ang humingi ng appointment," nalilitong turan niya.

"I'm sorry if I've omitted some information about myself. I just didn't want you to reject me outright that's why I had to have a disguise. Pero hindi naman ako totally nagsinungaling dahil ang buo kong pangalan ay Karl Timothy Castelo Benavidez. Baka kasi kapag nalaman mong ako ang humingi ng appointment ay iba ang papuntahin mo dito," anito na nakangiti pa rin.

Luisa was flustered. Hindi niya alam kung paano magre-react at wala rin siyang idea kung ano ang agenda nito at nais na siya ang maka-meeting nito. Whatever it was, tungkol man kay Lorraine o hindi, kailangang maging composed siya. Hindi siya dapat

mataranta dahil kaharap na niya ang lalaking laman ng kanyang isip simula nang makilala niya ito noong nakalipas na gabi. Pasimple siyang bumuntong-hininga.

"Come in, Miss Espineda. Mahirap namang mag-usap sa labas ng pinto," ani Karl.

Nag-aalangan na pumasok siya sa unit nito. He led her to a sitting room. She sat on a leather couch and he sat opposite her. Hindi siya makatingin nang derecho rito kaya sa kapaligiran na lang niya itinuon ang kanyang pansin. His unit was spacious and sparsely decorated. It was Zen-like. Walang kalat at nasa ayos lahat ang kakaunting mga gamit.

"Would you like anything to drink?" alok nito.

Napalunok ang dalaga. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Napansin niyang hindi pa rin bumabalik sa normal ang tibok ng kanyang puso. She could feel some butterflies in her stomach. Sa totoo lang, hindi niya ma-describe ang kanyang nararamdaman. It was a mixture of fear and an awareness that her heart was in danger in the presence of this man.

"Juice would be fine," ninenerbyos na sagot niya.

Karl stood up and excused himself. "Sige, I'll just get it from the kitchen."

Tumango si Luisa at nang maiwan siyang nag-iisa sa sitting room ay doon lamang siya nakahinga nang maluwag. Nalilito siya kung bakit siya pinatawag ng binata.

Ilang sandali lang ay bumalik na ito na may dalang isang pitsel at dalawang baso. Nagsalin ito ng inumin sa isang baso at iniabot sa babae. Marahan niyang tinanggap iyon.

"Salamat," aniya. Dahan-dahan siyang uminom habang ramdam niyang nakatitig sa kanya ang kausap.

Napansin niyang relaxed lang na nakaupo ni Karl sa katabing sofa, nakade-kuwatro ito at pasimpleng umiinom ng juice habang nakatingin sa kanya. Umayos siya ng upo. She had to remind herself that this was not a social visit. Pero dahil ang sinabi nito kay Lizette ay gusto nitong magpa-cater kaya uumpisahan na niyang mag-business talk para mawala na ang kabang nararamdaman niya. Ibinaba niya ang baso sa center table at kinuha sa kanyang bag ang mga gamit niya para sa kanyang presentation.

"Mr. Benavidez, gaano po ba kalaki ang dinner party na ipapa-cater n'yo sa amin? We usually cater to small intimate parties, 'yung may maximum na twenty people," pormal na pahayag niya.

Tumingin siya sa lalaki at nakita niyang may nakakalokong ngiti sa mga labi nito. Nakadama siya ng inis sa inaasal nito, pero pinigil niya ang sarili na magalit.

"Napakapormal mo naman, Luisa. Puwede bang mamaya na lang natin pag-usapan ang tungkol sa party? Why don't we get to know each other first?" anito na nakangiti.

Tumayo ito at umupo sa tabi niya. Bahagya siyang napausod sa kanyang kinauupuuan. She was really getting more nervous and fidgety now that he was beside her.

"Mr. Benavidez, I'm a very busy person kaya kung mamarapatin n'yo ay pag-usapan na natin ang pakay ko sa inyo," tugon niya na nanatiling pormal ang pakikipag-usap dito. Naglabas siya ng ballpen at notebook. May inabot din siyang ilang papeles kay Karl.

He reluctantly took it and glanced at it. "Sige na nga. I can see that you are not comfortable in my

presence," he answered with a smile.

Umayos muli ng upo si Luisa at idinetalye ang mga packages nila. Nakinig naman ito sa kanya at sa kinalaunan ay nagkasundo na rin sila sa menu at sa theme ng party. Bukod sa party, magpapa-deliver na rin ito ng mga pagkain araw-araw sa unit nito. Dahil sa pagiging sobrang busy nito ay wala na itong oras para magluto lalo pa't wala itong maid. Mag-isa lang si Karl na nakatira sa condo unit.

Laking tuwa naman ng dalaga na naging successful ang kanyang client call.

Pagkatapos ng kanilang pag-uusap ay tumayo na siya upang magpaalam.

"I'll just fax you the contract. And if you still have questions, just call or text us," aniya. Nag-umpisa na siyang maglakad papunta sa pinto nang hawakan ni Karl ang braso niya. Napatingin siya rito. "May kailangan ka pa?"

Tumango ito. "Will you have dinner with me tonight?" he asked huskily.

"What? Dinner with you? Why?" gulat na sunud-sunod na tanong ni Luisa.

Natawa si Karl sa reaksyon niya. "Well, ngayong

tapos na ang business meeting natin, don't you think it's a good idea that we get to know each other more on a personal level?"

"Bakit naman natin kailangang magkakilala pa nang husto? I don't think it's appropriate," pagtanggi niya.

"Luisa, I would like to make it clear; I like you and I want to know you better," he declared confidently.

# 4

"Is this some kind of joke?"

"What? Of course not. I'm serious," ani Karl.

"Mr. Benavidez, I'm sorry but I don't think it's proper to date my client. Isa pa, boss ka ni Lorraine," dahilan niya.

"That's a lame excuse, Luisa. Wala akong nakikitang masama kung mag-date tayo; we're not committed to anybody. The only reason I can accept from you is... if you say that you don't like me which I know for a fact is not the case," aroganteng sagot nito.

"What? Ang tingin mo ba ay may gusto ako sa iyo?" she said incredulously.

"Luisa, alam kong nadama mo din ang naramdaman ko noong una tayong magkita. Don't deny it. Hindi ako maniniwalang hindi mo ako gustong makilala nang husto."

"Ako ang gusto mong makilala nang lubos? Hindi ko yata makuha ang logic kung bakit gusto mo akong maka-date gayong maraming magagandang

babae sa paligid mo," katuwiran ng dalaga.

Lumapit sa kanya si Karl. He leaned toward her and their faces were just inches away from each other. She could even smell his fresh breath.

"Loving and liking someone requires no logic, Luisa, you just feel it," anas nito. "And I know I feel it for you and if you can only be honest with yourself, you'll know you feel the same."

She gently pushed him away. "I'm sorry if you thought it that way. Pero ako ang nagsasabi sa iyo ngayon—I don't like you and I have no intention of dating you," tugon niya.

Binuksan na ni Luisa ang pinto at dali-daling tumakbo palabas ng unit ng binata. Tiyempo namang may nagbukas na elevator kaya sumakay siya kaagad pababa ng lobby.

Humihingal na pumasok siya ng kanyang kotse. Tumungo siya sa steering wheel habang hinahabol ang paghinga. Hindi niya inaasahan ang mga ipinahayag ni Karl at dahil sa kanyang pagkatakot at pagkalito ay wala siyang nagawa kundi ang takasan ito.

She felt like a coward but she knew it was a wise decision to turn him down. Dating him would

only cause complications in her life.

“KUMUSTA ang client meeting mo? Nagpa-book ba siya?” tanong ni Becky nang makabalik si Luisa sa opisina.

Tumango lang siya. Naupo na siya sa kanyang executive chair at inayos ang mga papeles na nakakalat sa desk niya. She was still feeling a bit rattled with her encounter with Karl and she needed something to distract her from thinking about him.

“May problema ba? Bakit parang mainit yata ang ulo mo? Mahirap bang kausap ang kliyente?” usisa ng kaibigan.

Naupo pa ito sa silya sa tapat ng kanyang desk. Nakakatiyak siya na pilit nitong aalamin ang puno’t dulo ng pagiging aburido niya. Ganoon kasi silang dalawa; wala silang lihim na itinatago sa isa’t isa. Kahit may mga bagay na pilit nilang kinukubli ay madali rin nilang mahuli dahil talagang kilalang-kilala na nila ang bawat isa.

Si Becky lamang ang confidant niya. Pero sa ngayon, gusto muna niyang solohin ang kanyang nararamdaman. Ayaw niyang malaman nito na tama ang kutob nitong interesado nga sa kanya ang CEO

ng *Glow Cosmetics*. Alam niyang katakut-takot na sermon ang kanyang aabutin mula kay Becky kapag sinabi niyang tinanggihan niya ang offer ng binata na mag-dinner sila.

"Wala ito, pagod lang ako. Ang traffic kasi 'tapos medyo makulit pa ang kliyente kaya medyo bad mood lang ako," dahilan niya.

Tumangu-tango lang ang kaibigan. Tumayo na ito at hindi na nagpumilit na kausapin siya.

"Sige, magpahinga ka na muna. Sasabak pa tayo sa trabaho mamayang madaling-araw. Uuwi muna ako para mag-rest," anito.

Ngiti na lang ang naisagot ni Luisa sa kaibigan. Nang lumabas na ito ng kanyang opisina ay saka lamang siya nakahinga nang maluwag. Nagpapasalamat siya na hindi na nito itinuloy ang interrogation  sa kanya.

HINDI NA NAMALAYAN ni Luisa na mag-a-alas-nueve na pala ng gabi. Naengganyo kasi siya sa kanyang trabaho at hindi na niya napansin ang oras. Dahil doon ay nakaligtaan niyang kumain .Tatayo na siya mula sa harap ng kanyang desk para pumunta sa kusina nang tumunog ang cellphone

niya. May dumating na text message. Tiningnan niya ang inbox; isang unlisted number iyon mula sa isang sender. Buburahin na sana niya ang mensahe nang maisipan niyang basahin muna iyon. Baka kasi galing sa isang prospective client.

Laking gulat niya nang mabasa na galing pala kay Karl ang text message.

*Hi! I wud jst like to tell u that I'm not giving u up that easy. Pls be ready tom at 7pm. I'll pick u up at ur house so we can have dinner. Whether u reply or not, I will be there waiting 4 u. Good night & sweet dreams...*

*<Karl>*

Muntik nang mabitiwan ng dalaga ang kanyang cellphone pagkabasa niya sa message nito.

"The nerve of that guy! Akala niya siguro ay makukuha niya ako sa mga pa-text–text. Puwes, magdusa siya dahil wala akong balak makipag-date sa kanya. Mabulok siya sa paghihintay pero hindi ko siya sisiputin," nakaismid na bulong ni Luisa sa sarili.

She thought of answering his text message then decided against it. Baka isipin pa nito na interesado siyang makipag-date dito. The less communication they have, the better.

Pinili na lang niyang pumanhik sa kanyang kuwarto para magpahinga. Hindi na siya kumain.

MAGHAPON NA naging busy sa trabaho si Luisa. Pero kahit abala pa siya ay lagi pa ring sumasagi sa isip niya ang tungkol sa pagsundo sa kanya ni Karl mamayang gabi. Wala talaga siyang intensyon na makipagkita rito kaya nang matapos sa ginagawa ay nagpaalam siya kay Becky.

"Lalabas lang ako sa sandali, gusto ko lang mag-unwind," aniya.

"Sige, mabuti nga at mag-enjoy ka muna para mawala na 'yang sumpong mo," biro nito.

Napaismid na lang siya. Sadyang prangka kung magsalita ito. Kumbaga hindi ang tipo ni Becky ang nagpapatumpik-tumpik sa mga opinyon nito maski masakit pa ang sasabihin nito.

Iyon ang isang dahilan kung bakit hindi magawang makapag-open up ni Luisa sa kaibigan.

Natatakot siyang magbago ang kanyang isip. Tiyak kasing kukumbinsihin siya nito na sundin ang kanyang tunay na nararamdaman. Tiyak na walang-humpay na sermon ang kanyang aabutin kapag ipinagtapat niya ang totoong nangyayari sa kanila ni Karl. Baka panghinaan siya ng loob at piliin niyang sumama sa isang lalaki na alam niyang gusto ni Lorraine.

"Mabuti pa siguro umuwi ka na rin, Becky. Tutal tapos na ang trabaho," suhestyon niya.

Naisip niyang hindi nito dapat maabutan ang pagdating ni Karl dahil tiyak na uusisain nito ang binata. At kapag nangyari iyon ay lalabas kaagad ang totoo at sasama ang loob sa kanya ng kaibigan.

"Ha? Maaga pa naman at saka may gagawin pa ako sa web page natin. Bakit ba parang ipinagtatabuyan mo ako, ha? May tinatago ka ba sa akin?" nagdududang tanong nito.

Luisa violently shook her head. "Wala kaya! Gusto ko lang na magpahinga ka na rin dahil sobrang dami ang ginawa nating trabaho ngayon. Isa pa, mamayang madaling-araw ay ikaw ang naka-duty kaya dapat mag-relax ka muna," ninenerbyos na paliwanag niya.

"Ah, okay. Thanks for your concern, friend. Akala ko kasi may inililihim ka na diyan, eh," nakangiting tugon nito. "Sige, mayamaya ay uuwi na rin ako para sa aking beauty rest."

"Good, good. Sige, mauna na ako at gusto ko namang mamasyal ngayon. Mauna na ako sa iyo," paalam niya.

Nagmamadaling iniwan ni Luisa ang kaibigan at kaagad niyang pinaharurot ang sasakyan niya. Kailangan na niyang makaalis ng bahay para maiwasan si Karl. Sana nga lang ay huwag maabutan ni Becky ang pagdating nito.

Nagpunta siya sa isang mall. Hindi siya mahilig mag-shopping kaya hindi niya alam kung ano ang gagawin niya roon. Napansin na lang niya na parang hinihila siya ng kanyang mga paa na pumasok sa isang beauty salon. Pagpasok niya roon ay kaagad siyang inasikaso ng mga stylists. Pumayag na lang siya sa mga suhestyon ng mga attendants sa salon kung ano ang dapat gawin sa kanya.

Paglabas niya roon pagkatapos ng mahigit dalawang oras ay iba na ang kanyang hairstyle. Nagpa-shape na rin siya ng kilay at nagpa-manicure at pedicure. Napapayag na rin siya ng mga beauticians na magpa-makeup. Simple lang ang pagkakaayos sa

kanya, very natural at hindi makapal ang kolorote. Hindi niya alam kung ano ang pumasok sa kanyang isip at ginawa niya ang mga bagay na iyon.

Tumingin siya sa kanyang relo at nakitang mag-a-alas-seis na ng gabi. Isang oras pa ay susunduin na siya ni Karl pero hindi siya uuwi. Magpapalipas na lang siya ng oras sa mall. Habang naglalakad ay tila may tumatawag sa kanya na pumasok sa isang boutique. At doon ay nagsukat siya ng mga damit at sapatos na nagustuhan niya at binili rin pagkatapos. Sa katunayan ay suot na nga niya ang mga iyon paglabas niya ng tindahan.

Habang naglalakad ay napatigil siya sa harap ng isang salamin at doon niya nakita ang kabuuan ng kanyang hitsura. Halos hindi niya nakilala ang sarili. She must admit that she really looked lovely in her new hairstyle, makeup and clothes. Gone was her simple style at napalitan iyon ng isang sopistikadang anyo. Napangiti siya sa reflection niya.

Mayamaya ay napatigil siya sandali at napaisip. For the longest time, she had tried to hide her beauty, but now she felt that it was about time she be true to herself. Was she subconsciously preparing for her date with Karl? Ang totoong dahilan ba ng pag-alis niya ng bahay ay para iwasan ito o hinahanda lang

niya ang sarili sa pagkikita nila? Talaga nga bang wala siyang balak na siputin ito o nagbago na ang kanyang isip?

Did she want Karl for herself or would she once again sacrifice her happiness for the sake of Lorraine? Pero hanggang kailan niya gagawin ang lagi na lang magparaya para sa kanyang pinsan? Hindi ba dapat isipin niya rin ang kanyang kaligayahan? She was torn. Then suddenly, something clicked in her head.

Halos patakbong nagtungo si Luisa sa carpark. Nagpasya na siya. She would take this chance with Karl. Tama na ang pagmamartir.

"WHAT DO YOU MEAN she's not here?" iritadong tanong ni Karl nang dumating siya sa bahay ni Luisa para sunduin ang dalaga.

"Just what I said. Wala siya dito, she went out. Gusto daw niyang mag-unwind sandali. Pero bakit mo siya hinahanap? May usapan ba kayo?" usisa ni Becky.

"Well, I told her I was coming over and since she didn't call me, I assumed we'll push through with our date tonight," paliwanag niya.

Napanganga ito, hindi makapaniwala. "May date kayo ngayong gabi?"

"Yeah, but it looks like it's not gonna happen tonight. It's already seven thirty but she's still not here so I guess I've been stood up," dismayadong tugon niya.

"Excuse me for a minute at susubukan ko siyang tawagan," anito.

"I've tried calling her pero naka-off ang phone niya. Tingin ko talagang umiiwas siya sa akin."

Sinubukan pa rin ni Becky na tumawag pero tulad ng sinabi ni Karl ay naka-off ang cellphone ng kaibigan nito.

Napabuntong-hininga na lang ito. "Hihintayin mo ba ang pagdating niya o mauuna ka na?"

"I'll wait a few minutes more. I just don't want to give up that easily," determinadong saad niya.

"Sige, mabuti kung gan'un. Umupo ka muna at kukuha lang kita ng maiinom, okay?"

Umupo si Karl habang si Becky ay nagpunta sa kusina. Kaagad siyang napatayo nang bumukas ang front door. He was expecting to see Luisa but it was Lorraine who entered. Masaya itong nagtungo

sa kinatatayuan niya.

"Were you waiting for me?" tanong ng modelo.

"Huh? No. What makes you say that?"

"Eh, ano pa ang magiging dahilan mo para pumunta dito kundi ang dalawin ako, di ba?"

"What? You're mistaken, Lorraine. Hindi ikaw ang sadya ko dito," pahayag niya.

Tumawa si Lorraine. "Of course ako ang sadya mo dito," pamimilit nito. "I won't be long. Magbibihis lang ako then we can leave," saad nito.

She quickly went up the stairs. Karl was left fuming mad.

Pagbalik ni Becky galing kusina ay nagpaalam na ang lalaki. "Siguro ay hindi ko na siya mahihintay. I'll just try to call her later. Salamat sa pag-eestima mo sa akin, Becky."

Nagtaka ito. "Bakit ka biglang nagmamadaling umalis? May nangyari ba?"

He shook his head. "I just came to realize that she was really serious when she turned me down. Talaga sigurong wala siyang interes na magkakilala kami nang husto. Sige, I won't take more of your

time," malungkot na turan niya.

Hindi nakakibo si Becky at hinayaan siyang makaalis.

Nang pasakay na siya sa kotse ay nagmamadaling humabol si Lorraine.

"Karl, wait for me!" tawag nito.

"Where do you think you're going, Lorraine?" iritadong tanong niya.

"Kung saan ka man pupunta," sagot nito at sumakay na sa passenger seat.

Napakamot na lang ng ulo si Karl. Wala na siyang magawa kundi ang sumakay na rin sa kotse. He was left with no choice but to leave with Lorraine. Mahirap nang mag-tantrum ang kanyang image model at baka kung ano pang eksena ang gawin nito.

Samantala, naiinis na hinampas ni Luisa ang manibela ng kanyang sasakyan. Iritableng tiningnan niya ang relo. Mag-a-alas-ocho na pero hindi pa rin siya nakakarating ng bahay. Sobra kasi ang traffic na binuno niya at naubusan pa ng baterya ang kanyang cellphone kaya hindi na niya nagawang tawagan si Karl para sabihing hintayin siya nito sa bahay. Sana

ay hindi ito naiinip sa paghihintay sa kanya.

Ilang saglit ang dumaan at nakaliko na siya sa kanilang kalye, pero hindi niya inaasahan ang tagpong naabutan. Karl was indeed there but he was about to leave and he was not alone. Because getting into the passenger seat was Lorraine.

Luisa closed her eyes in frustration. Tulad ng dati ay naunahan na naman siya ng pinsan. And this time she had no one to blame but herself.